# Mga Saksi

### Saksi #1

## Ang mga salita ng Panginoon

Iniutos kay Joseph Smith na huwag ipakita ang mga laminang ginto sa mundo (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 5:3). Basahin ang Doktrina at mga Tipan 5:6–10, at alamin kung ano ang pinayagan si Joseph na ibahagi.

Maaari mong markahan ang isang parirala na inulit ng Panginoon sa mga talata 5, 6, at 7.

- Sa iyong palagay, bakit mas inaalala ng Panginoon na naniniwala at nakikinig tayo sa Kanyang mga salita sa Aklat ni Mormon kaysa sa inaalala Niya na dapat alam natin na talagang may mga lamina?

Patungkol sa Aklat ni Mormon, itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008):



> Ang katibayan ng katotohanan nito, ng katumpakan nito sa daigdig na mapaghanapap ng ebidensya, ay hindi matatagpuan sa arkeolohiya o antropolohiya, bagama't makatutulong ito sa ilan. Hindi ito matatagpuan sa pagsasaliksik ng salita o pagsusuri ng kasaysayan, bagama't makapagpapatunay ang mga ito. . . . Kailangang basahin ng tao ang [aklat] para malaman niya ang katotohanan nito. Ito'y aklat ng Diyos. (Gordon B. Hinckley, "Four Cornerstones of Faith," *Ensign*, Peb. 2004, 6)

Maglaan ng ilang minuto na pagnilayan ang iyong karanasan sa pag-aaral at sa pagtuturo sa iyo mula sa Aklat ni Mormon. Isipin kung paano nakaapekto sa buhay mo ang iyong pag-aaral. Maaari mong isulat ang ilan sa mga naiisip mo sa iyong journal.

### Saksi #2


## Ang patotoo ng tatlong tagapaglingkod

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 5:11–15, at alamin kung sino ang tutulutan kalaunan ng Panginoon na makita ang mga lamina.

- Ano ang nakita mo sa mga talatang ito na maaaring magpalakas sa mga patotoo ng Tatlong Saksi?

Kalaunan, makikita nina Martin Harris, Oliver Cowdery, at David Whitmer ang mga laminang ginto at magpapatotoo sila sa katotohanan ng mga ito. Marami ka pang malalaman tungkol sa pangyayaring ito kapag pinag-aralan mo ang Doktrina at mga Tipan 17.

Patungkol sa Tatlong Saksi, itinuro ni Pangulong Dallin H. Oaks ng Unang Panguluhan:



> Ang kanilang patotoo ay hindi kailanman sinalungat ng iba pang mga saksi. Maaaring hindi paniwalaan ng tao ang [kanilang patotoo], ngunit paano maipapaliwanag na nagkaisa at nagpursige ang tatlong mabubuting lalaking ito na ilathala ang kanilang patotoo hanggang sa katapusan ng kanilang buhay sa gitna ng matinding panlalait at iba pang bagay na maglalagay sa kanila sa alanganin? Tulad ng Aklat ni Mormon mismo, wala nang paliwanag na huhusay pa kaysa sa ibinigay mismo sa patotoo, ang taimtim na pahayag ng mabubuti at tapat na kalalakihan na ipinahayag ang nakita nila. (Dallin H. Oaks, "The Witness: Martin Harris," *Liahona*, Mayo 1999, 36)

Pag-isipang basahin ang "Ang Patotoo ng Tatlong Saksi" sa simula ng Aklat ni Mormon o gumawa ng listahan ng mga taong nagpatotoo sa iyo na ang Aklat ni Mormon ay totoo. Isipin kung paano napalakas ng kanilang patotoo ang iyong patotoo.

## Saksi #3

## Ang Espiritu Santo

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 5:16 at Moroni 10:4–5. Tukuyin kung paano inihahayag ng Diyos ang katotohanan ng Aklat ni Mormon sa Kanyang mga anak.

- Ano ang ilang paraan na maaaring magpatotoo ang Espiritu sa isang tao tungkol sa katotohanan ng Aklat ni Mormon?

Sinabi ni Glenn L. Pace, na naglingkod bilang Presiding Bishop:



> Walang ibang paraan para magtamo ng patotoo kundi sa pamamagitan ng pagsaksi ng Espiritu Santo. Wala kayong ibang maaasahan. . . . Maraming halimbawa sa mga banal na kasulatan kung paano nawalang-saysay ang isang pisikal na katibayan kung walang kaakibat na pagpapatibay ng Espiritu Santo. Ang pagbabalik-loob ay dumarating hindi sa pamamagitan ng mga pisikal na pagpapakita mula sa langit. (Glenn L. Pace, "The Elusive Balance," *New Era*, Mar. 1989, 49)

Gumawa ng listahan ng mga dahilan kung bakit sa palagay mo ay mas mahalaga ang isang patotoo mula sa Espiritu Santo, isang miyembro ng Panguluhang Diyos, kaysa sa pisikal na katibayan na totoo ang isang bagay. Pag-isipang isama ang anumang patotoo na sa palagay mo ay natanggap mo sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ang Aklat ni Mormon ay totoo.

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2025 ng Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_053-1